


# KODIGO NG PAG-UUGALI SA MGA MAG-AARAL

Isang pangunahing priyoridad ng Distrito ang kaligtasan ng ating mga mag-aaral. Dapat alalahanin ng lahat ng empleyado, pati na rin ng mga indibidwal na nakikipagtulungan sa o nakakasalamuha ng mga mag-aaral (hal., mga boluntaryo, tagapayo, coach, atbp.) ang pagkakaiba ng pagiging sensitibo at pagsuporta sa mga mag-aaral at ang isang posible o pinaghihinalaang paglabag sa responsable at etikal na pag-uugali.

Bagama't hinihikayat ng Distrito ang paglinang ng mga positibong pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral, ang mga empleyado at indibidwal na nakikipagtulungan o nakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral ay inaasahang gumamit ng tamang pagpapasya, pagpapanatili ng mga propesyonal na pamantayan at mga etikal na hangganan, at pinapaalalahanan na isaisip ang mga patnubay na ito at iwasan ang mga sumusunod hangga't maaari, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagsasagawa ng mga pagkilos na direkta sa (mga) mag-aaral o sa presensya nila, na hindi propesyonal, hindi etikal, hindi legal, imoral, o mapagsamantala.
- Pakikipagkita sa isang mag-aaral na mag-isa lang siya, anuman ang kasarian, sa mga silid na nakasara ang pinto o sa mga espasyo na itinalaga para sa mga mag-aaral lamang (hal., mga cr, locker room), maliban sa mga partikular na layuning nauugnay sa paaralan (hal., mga pagtatasa, pagpapayo, mga kinakailangang serbisyo, pangangasiwa o pagbabantay).
- Pananatili sa campus kasama ang (mga) mag-aaral pagkaalis ng huling administrador sa site; may mga pagbubukod dito, tulad ng mga programa pagkatapos ng klase, mga guro na kasamang nagsasanay ang mga mag-aaral para sa isang aktibidad pang-drama/music o kino-coach ang mga academic decathlon na mag-aaral, na may paunang administratibong pag-apruba.
- Pagbibigay ng natatanging pagtatrato na pabor sa mag-aaral at/o pagbibigay sa (mga) mag-aaral ng mga regalo, gantimpala, o insentibo na hindi nauugnay sa pag-aaral at na direkta o nagpapahiwatig na iminumungkahi na dapat may sabihin o gawin kapalit nito ang (mga) mag-aaral.
- Paggawa ng mga pagkilos, pahayag, o komento, direkta man o hind sa presensya ng (mga) mag-aaral, na hindi naaangkop sa edad, hindi propesyonal, o maaaring ituring na may katangiang sekswal, bastos, malaswa, mapang-abuso, mapanakot, nambubully, nanliligalig, nandidiskrimina, nang-aalipusta, o kung hindi man, pagkabigong mamagitan o kumilos sa mga naturang pagkakataon.
- Paghawak o pagkakaroon ng pisikal na kontak, o paghiling na magtanggal ng damit sa (mga) mag-aaral na hindi naaangkop sa edad o wala sa saklaw ng mga propesyonal na responsibilidad ng empleyado/indibidwal.
- Pagsasagawa ng anumang pag-uugali na nakakapahamak sa mga mag-aaral, kabilang ang pisikal na karahasan o pagbabanta ng karahasan.
- Pag-inom ng alak, o paggamit ng isang ilegal o hindi awtorisadong bagay (alak, gamot, o droga), o pagtataglay o pamamahagi ng anumang kontroladong bagay (alak, gamot, o droga), habang nasa lugar ng trabaho o nasa isang aktibidad na inisponsoran ng paaralan.
- Pagsakay sa (mga) mag-aaral sa isang personal na sasakyan nang walang naaangkop na nakasulat na form ng pagpapahintulot ng administrador at magulang na naka-file bago ito isagawa para sa mga kadahilanang inaprubahan ng Distrito.
- Pakikipagkita, pagdala o pagsama sa (mga) mag-aaral sa labas ng campus para sa mga aktibidad maliban sa biyahe, aktibidad, o field trip ng paaralan na inaprubahan ng Distrito.
- Pagbibigay sa mga mag-aaral, o paghiling mula sa mga mag-aaral, ng personal na impormasyon sa pakikipag-ugnay at/o pakikipag-usap/pakikisalamuha sa (mga) mag-aaral, nang pasalita, nang nakasulat, sa telepono/email/elektroniko/webcam, sa pamamagitan ng Internet, social media, o sa personal para sa mga layuning hindi partikular na nauugnay sa paaralan o pag-aaral.
- Pagkuha ng litrato o video ng o paghiling nito mula sa mga mag-aaral, maliban para sa mga layuning nauugnay sa paaralan o pag-aaral na may naaangkop na mga pag-apruba.

Bagaman ang layunin ng empleyado/indibidwal ay maaaring ganap na propesyonal, iyong mga nagsasagawa ng anuman sa mga pag-uugali na nabanggit sa itaas ay maaaring inilalagay ang sarili nila sa pananaw na nagsasagawa ng hindi tamang bagay. Ang sinumang indibidwal na nakasaksi ng maaaring paglabag sa mga hangganan ay pinapayuhang mag-ulat ng naturang pag-uugali. Sineseryoso ng Distrito ang mga naturang bagay at maaaring kailangang imbestigahan ang mga paratang, kung kinakailangan at/o kung ibinigay ng tagapagpatupad ng batas ang pahintulot, at magsagawa ng naaangkop na pang-administratibo na nagwawastong/nagdidisiplinang pagkilos. Ipinagbabawal ng Distrito ang paghihiganti laban sa sinuman na nag-uulat o nakikilahok sa imbestigasyon ng hindi naaangkop na pag-uugali.

Dapat makipag-ugnay ang mga indibidwal na kailangan ng higit na impormasyon sa administrador ng site o sa Office of Student Civil Rights sa (213) 241-7682; EquityCompliance@lausd.net.

Hulyo 2023

www.lausd.org/oscr